

ANG PANALANGIN NG PANGINOON

Tinuruan tayo ng Diyos kung paano manalangin. Tinuruan tayo ni Jesus na dapat unahin natin ang ating Ama na nasa Langit sa lahat ng bagay.

Sa Mateo 6:9-13, ang sabi sa verse 9: “Ganito kayo mananalangin: Ama naming nasa Langit, sambahin nawa ang ngalan mo. Ikaw nawa ang maghari sa amin, sundin nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit, bigyan mo kami ng pagkaing kailangan namin sa araw na ito; at patawarin mo kami sa aming mga kasalanan, tulad ng aming pagpapatawad sa mga nagkakasala sa amin. At huwag mo kaming iharap sa mahigpit na pagsubok, kundi ilayo mo kami sa Masama! Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan, magpakailanman! Amen.”TPV

Ang Panalangin ng Panginoon ay mababasa sa Lukas 11:2-4. Ayon sa V2, **“Sinabi ni Jesus, “Kung kayo’y mananalangin, ganito ang sabihin ninyo: ‘Ama, sambahin nawa ang pangalan mo. Magsimula na sana ang iyong paghahari. Bigyan mo kami ng aming makakain sa araw-araw. At patawarin mo kami sa aming mga kasalanan. Sapagkat pinatatawad namin ang bawat nagkasala sa amin. At huwag mo kaming iharap sa matinding pagsubok.’**

At sa 1 Tesalonica 5:17, sabi din dito: **“maging matiyaga sa panalangin”**. At verse 16 sa parehong aklat nagsabi din na: **“Magalak kayong lagi”** habang ang Verse 18 nagsasabing **“Ipag pasalamat ninyo sa pangalan ni Kristo Jesus ang lahat ng pangyayari, sapagkat yaon ang ibig ng Diyos.”**

Ang Mateo 6:9 naman ay nagtatalakay tungkol sa ating Ama na nasa Langit, ating Manlilikha; siya ang naglikha sa lahat ng bagay na nasa langit at lupa. **“Sambahin nawa ang ngalan mo”**: And Diyos ay banal, kaya ang lahat na ginawa ng Diyos at gagawin ay banal din.

Siya ay banal na Diyos na Tagapagligtas, nagliligtas sa mga kasalanan sa nakaraan. Ang kanyang hukom ay dalisay, banal at makatarungan.

“Ikaw nawa ang maghari sa amin”, Hindi sinabi ni Jesus na dadating ang kaharian ko; kundi sinabi niyang ikaw nawa ang maghari sa amin. Nandito na ang kaharian niya at makumpleto lamang ito hanggang sa mailigtas ang kahulihulihang kaluluwa. At sa oras na iyan, sa kahulihulihang minuto, at sa kahulihulihang segundo makukumpleto ang kaharian niya.

“Sundin nawa ang iyong kalooban dito sa lupa tulad ng sa langit”: Perpekto ang lahat ng mga ginawa ng Diyos sa langit; nagawa ito ng walang pagpipilian at walang mintis. And Diyos lamang ang may karapatang mamili sa langit.

“Tulad ng sa lupa”: Bakit hindi sinabi na sundin nawa ang iyong kalooban sa langit at dito sa lupa? Kasi sa lupa may karapatang mamili ang tao, at may karapatan tayong hindi sundin ang kalooban ng Diyos sa buhay natin, sa ating pamilya, sa ating pamahalaan at maging sa buong mundo. Kaya kailangan mong hingin ang kalooban ng Diyos sa lahat ng bagay. Dahil kapag ka ang kalooban ng Diyos ang nasusunod sa iyong buhay o maging sa iyong mundo, hindi mabigat ang pagsusubok na dadating sa buhay mo.

“Bigyan mo kami ng pagkaing kailangan namin sa araw na ito”: Sinasabi sa atin ni Kristo na hingin natin sa ating Ama na nasa Langit na ibigay niya ang pangangailangan natin sa buhay sa araw na gayon. Ito’y nagpapakita lamang na nagdedepende tayo sa Diyos sa lahat ng bagay

sapagkat ang Diyos ay ang ating Ama sa Langit. Bilang mga anak ng Diyos, kung tayo'y nasa ating pamamahay kasama ng ating mga magulang, nagdedepende tayo sa ating ama para maibigay nila mga pangangailangan natin tulad ng bahay, pagkain at pananamit. Sa ating ama din tayo humihingi ng lahat ng gusto natin hindi lang isang beses kundi halos sa lahat ng pagkakataon. At talagang ibibigay ng ating ama ang lahat ng ating ibig; na tulad din sa ating Ama na nasa Langit. Kaya kailangang magdepende tayo sa ating Diyos sa lahat ng bagay at sa lahat ng pagkakataon.

“Patawarin mo kami sa aming mga kasalanan”: May utang tayo sa ating Maykapal, at sa pamamagitan ni Jesu Kristo natubos ito sa pamamagitan ng dugo niya nung siya'y namatay sa krus.

Kung ikaw lalapit sa ating Panginoong Jesu Kristo at hingin mong patawarin ka niya sa lahat ng mga kasalanan at pagkakamali mo, patatawarin ka sa ating Amang nasa Langit sa pamamagitan ng dugo ni Jesu Kristo, ang bugtong anak niya. Mahalaga na lagi tayong humingi sa ating Amang nasa Langit sa pamamagitan ni Jesu Kristo ng kapatawaran sa lahat ng ating mga kasalanan.

“Tulad ng pagpapatawad naming sa mga nagkakasala sa amin”. Tingnan nating maigi ito. Nakakaligtaan ito ng marami. Kung gusto ninyong patawarin kayo ng Diyos sa lahat ng mga kasalanan niyo, at para matugunan ng Diyos ang lahat ng mga hinihingi mo sa kanya, kailangang patawarin mo muna ang lahat ng taong nanakit sayo at nagkakasala sa iyo.

“Huwag mo kaming iharap sa mahigpit na pagsubok”. Sinasabi dito na huwag tayong iharap sa mahigpit na pagsubok upang hindi mawawala ang pananalig natin sa kanya at upang hindi tayo makabig sa paggawa ng makamundong bagay at saka upang hindi tayo titigil sa pagtawag ng Ating Ama na nasa Langit.

“Kundi ilayo mo kami sa mga masasama” ilayo mo kami mula sa kapangyarihan ni Satanas na siyang nagtukso sa iyo upang paniwalaan na tinalikuran ka na ng Diyos kaya nagsimula ka nang gawin ang lahat ng gusto mo na hindi naman ayon sa kalooban ng Diyos. Kung nasa ganitong pagsubok ka ngayon ang kawalan ng pag-asa ang ilalagay ni Satanas sa ulo mo kaya di mo na masunod kung ano ang kalooban ng Diyos sayo. Kailangan magsimula tayong magtiwalang muli sa Diyos. Magtiwala sa Diyos sa lahat ng bagay, sa lahat ng pagkakataon hindi lang kung may malaking problema ka o o nahaharap ka sa malaking pagsubok.

Ang 1 Tesalonica 5:17 nagsabi sa atin: **“maging matiyaga sa pananalangin”**.

Makapangyarihan ang verse na ito dahil walang tigil ang pagsamba at pakikipag-usap natin sa ating Panginoon.

Kahit kung di tayo lalapit sa Diyos para sa ating mga pangangailangan at gusto, dapat pinupuri at sinasamba pa rin natin Siya. Hindi niya sinasabi na huwag na tayo pumunta sa paaralan para mag-aral, o hindi na tayo magtatrabaho, o di kaya'y huwag na tayong magshopping o di kaya maglaro para lang purihin natin Siya. Sinabi Niya ito dahil gusto niyang magpuri tayo na galing sa puso natin, galing sa kaluluwa natin. Galing sa puso natin, maging matiyaga tayo sa pananalangin.

Noong isang araw, napag-usapan namin ni Stacey ang tungkol sa mga nakaugalian ng gawin ng tao. Ang sabi niya sa akin: “ Kailangan ng tatlong Linggo bago magsimula ang ugali, at tatlong Linggo din ang kailangan bago ito matigil. Kaya magkaroon tayo ng tatlong Linggo bago natin makaugaliang maging matiyaga sa pananalangin at tatlong Linggo din ang kailangan bago mo makita ang sarili mo na hindi na nagreklamo.

“Palaging magalak” dahil nananalò tayo at nalampasan natin ang lahat na problema sa buhay sa pamamagitan ni Jesu Kristo na siyang nakipaglaban at tumalo kay Satanas nang sa gayon tayo'y panalo.

Ang Sabi naman sa Verse 18: ““Ipagpasalamat ninyo sa pangalan ni Kristo Jesus ang lahat ng pangyayari, sapagkat yaon ang ibig ng Diyos.”

Kaya sa lahat ng bagay at sa lahat ng pagkakataon, pasasalamatang natin ang Panginoon sa lahat ng nagawa niya para sa atin.

Written By Rev. Ronald L. Alfredson
Translated by: Ptra. Maria Starlit G. Genelaso

Copyright © 2009 Living Truth Ministries. All Rights Reserved